

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 11 Blg. 16

August 17-23, 2026

P20.00



pagina 2

MAHUSAY NA PAGGANAP, PINANATILING CAVITE PPO: MULING NANGUNA SA 'UPER'



Atty. Marites A. Barrios-Taran, Nagsilbing Panauhing Pandangal sa Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag (BTECH)- story p.2



DOST-NGR OPENS 2026 REGIONAL SCIENCE, TECHNOLOGY, AND INNOVATION WEEK IN VALENZUELA CITY- story p.7



TWO NORMIN STARTUPS ADVANCE TO NATIONAL STAGE OF PRESIDENTIAL FILPINNOVATION AWARDS- story p.7

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

MAHUSAY NA PAGGANAP, PINANATILI NG CAVITE PPO; MULING NANGUNA SA 'UPER'

MULING nanguna ang Cavite Police Provincial Office bilang Top Performing Police Provincial Office sa Unit Performance Evaluation Rating (UPER) para sa Hulyo 1–31, 2026. Ang naturang tagumpay ay nagmamarka sa ikalawang sunud-sunod na buwan na nakuha ng Cavite PPO ang nangungunang puwesto, kasunod ng kanilang pag-ranggo bilang No. 1 sa UPER noong Hunyo 2026. Ang tuluy-tuloy na mahusay na pagganap ay nagpapatunay sa paninindigan ng Provincial Office sa kahusayan sa operasyon, pananagutan, disiplina, at epektibong serbisyo ng pulisya. Sa ilalim ng pamumuno ni P/Col Ariel R. Red, Provincial Director, ang natatanging rating ng Cavite PPO ay sumasalin sa patuloy na kahusayan nito sa operasyon, disiplinadong mga tauhan, mahigpit

na pagsunod sa mga kinakailangan ng organisasyon, at matatag na dedikasyon sa epektibo at tumutugong serbisyo-pulisya. "This recognition is not only a reflection of our accomplishments, but of the collective dedication and hard work of every Caviteño police officer. Being ranked No. 1 for two consecutive months challenges us to sustain this momentum and continue raising the standard of police service," pahayag ni P/Col Red. Nabatid na ang Cavite PPO ay nananatiling nakatuon sa kahusayan, mabilis tumugon na pagpupulis, at walang humpay na serbisyo sa mga mamamayan ng Cavite—pinapanatili ang momentum, pinapalakas ang pagganap, at naghahatid ng mga resulta. **(Larawan mula sa PNP Cavite PPO)**

Presyo ng pangkalahatang bilihin at serbisyo sa CALABARZON, naitala sa 5.8 percent nitong buwan ng Hulyo 2026

CITY OF LIPA, Batangas – Umakyat sa 5.8 percent ang headline inflation sa rehiyon ng CALABARZON nitong buwan ng Hulyo 2026, ayon sa pag-uulat ni Regional Director Charito C. Armonia ng Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON sa ginanap na press conference nitong Martes, ika-11 ng Agosto taong kasalukuyan. Ito ay mas mababa kumpara sa inflation ng rehiyon noong Hunyo 2026, na naitala sa 6.3 percent, at mas mataas naman kaysa noong Hulyo 2025 na naitala sa 1.8 percent. Sa kasalukuyan, ang average year-to-date inflation rate mula Enero hanggang Hulyo 2026 ay nasa 5.0 percent. Ang pangunahing dahilan ng mas mabagal na pagtaas sa pangkalahatang presyo ng mga kalakal at serbisyo sa rehiyon nitong Hulyo 2026, kumpara noong nakaraang buwan ng Hunyo 2026, ay ang pagbaba ng presyo ng Education services na may -1.3 percent inflation. Nakaambag din ang mas

mabagal na pagtaas ng presyo ng Housing, water, electricity, gas, and other fuels na may 9.0 percent inflation at Transport na may 9.8 percent inflation nitong buwan ng Hulyo 2026. Sa mga pangkat ng pagkain sa rehiyon, nagpakita ng mas mabilis na pagtaas ng presyo nitong buwan ng Hulyo 2026 ang mga sumusunod: Bigas (13.7 percent); Fish and other seafood (7.5 percent); Flour, bread and other bakery products, pasta products, and other cereals (6.2 percent); Fruits and nuts (5.1 percent); Mais (4.7 percent); Ready-made food and other food products (4.6 percent); at Vegetables, tubers, plantains, cooking bananas and pulses (1.9 percent). Sa kabilang banda, ang mga sumusunod na pangkat ng pagkain ay nagpakita naman ng mas mabagal na pagtaas ng presyo nitong Hulyo 2026 kumpara noong nakaraang buwan ng Hunyo 2026: Oils and fats na may 6.7

Atty. Marites A. Barrios-Taran, Nagsilbing Panauhing Pandangal sa Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag (BTECH)

Nagsilbing Panauhing Pandangal si Atty. Marites A. Barrios-Taran, Tagapangulo ng KWF, sa nangyaring Ika-17 Taunang Pagtatapos ng Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag (BTECH) noong 28 Hulyo 2026 sa The Chapters, Tangos, Lungsod Baliwag. Sa kaniyang mensahe sa Batch 2026, nanawagan ang Tagapangulo sa mga

nagtapos na panatilihin ang mapanuring pag-iisip at huwag hayaang madaig ng Artificial Intelligence (AI) ang sariling talino, kultura, at moralidad. "Ang tunay na talino ay hindi 'yung marunong gumamit ng AI. Ang tunay na talino ay 'yung marunong mag-isip kahit may AI. Huwag kayong basta maniniwala, i-check niyo, i-compare niyo, at

tanungin niyo: Tama ba ito para sa Pilipino? Para sa bayan ko?" pahayag ni Atty. Taran sa mga nagtapos. Binigyang-diin ng KWF Tagapangulo ang tatlong pangunahing habilin para sa mga nagtapos, ang maging mapanuri sa pamamagitan ng pag-usisa sa mga impormasyong ibinibigay ng AI kung ito ay kapaki-pakinabang sa bayan, ang maging matatag

at may integridad gamit ang batayang moralidad bilang sandata laban sa korupsiyon at automation sa trabaho, at ang maging responsable at makabayan sa pamamagitan ng pagmamahal, paggamit, at pagmamalaki sa Wikang Filipino sa lahat ng pagkakataon bilang salamin ng ating pagkakakilanlan.

Legarda isinusulong ang dagdag bayad at proteksyon para sa mga manggagawa sa panahon ng kalamidad

Nanawagan si Senadora Loren Legarda ng mas matibay na proteksyon para sa mga manggagawang patuloy na bumubuhay sa ekonomiya sa gitna ng kalamidad. Iginiit niya ang pangangailangan ng makatarungang kompensasyon, ligtas na kondisyon sa trabaho, at sapat na suporta sa dagdag na panganib at gastos na kanilang dinaranas. Ipinahayag ni Legarda ang panawagan kasunod ng

paglabas ng June 2026 Labor Force Survey, na nagpakitang umakyat sa 50.66 milyon ang bilang ng mga empleyado. Pinakamalaki ang bahagi ng sektor ng serbisyo sa 62.7 porsyento, sinundan ng agrikultura sa 20 porsyento, at industriya sa 17.3 porsyento. "Sa likod ng bawat numero ay isang manggagawang Pilipino na bumabangon araw araw para kumita at may maiuwi sa pamilya. Isipin natin ang isang empleyadong kailangang humanap ng masasakyan sa baha, magbayad ng mas mahal na pamasaha, at bumiyahe nang mas matagal habang nangangamba kung ligtas ba siyang makakauwi sa kanyang pamilya," ani Legarda. Tinukoy niya ang mga manggagawa sa transportasyon, suplay ng pagkain, kalusugan, utilities, media, retail, konstruksyon, agrikultura, edukasyon, pampublikong serbisyo, at iba pang sektor na patuloy na nagtatrabaho kahit sa gitna ng matinding bagyo at abala sa transportasyon. Nauna nang inihain ni Legarda ang Senate Bill 520 o Calamity Work Compensation Act, na magbibigay ng karagdagang 30 porsyento ng arawang sahod sa mga empleyadong pribado na kinakailangang mag report onsite sa panahon ng Signal No. 3, No. 4, o No. 5, o katumban na antas ng kalamidad. Layunin nitong kilalanin

ang dagdag na pasanin ng mga manggagawa gaya ng limitadong transportasyon, mas mataas na pamasaha, hirap sa pagkain at pangunahing pangangailangan, at mas matinding panganib sa kaligtasan. Nilinaw ni Legarda na hindi hinihihiyay ng panukala ang mga manggagawa na isugal ang kanilang buhay at hindi rin nito pinapalitan ang hazard pay o iba pang benepisyon ng nakasaad sa batas. Pinahihintulutan din ng panukala ang mga employer na magpatupad ng Calamity Work Contingency Plan kapalit ng kompensasyon, kung aprubado ng Department of Labor and Employment (DOLE) at sang ayon ang kinatawan ng mga manggagawa. Maaari itong maglamang ng mga pamamaraan tulad ng ligtas na transportasyon, pagkain, pansamantalang tirahan, at mga hakbang para sa kaligtasan sa trabaho. "Kung kinakailangang pumasok ang manggagawa sa gitna ng bagyo o baha upang mapanatiling bukas ang operasyon at maipagpatuloy ang serbisyo, nararapat lamang na kilalanin at tumbasan ang dagdag na panganib at gastos na ipinapasan sa kanya. Dapat may kaakibat itong makatarungang dagdag na kompensasyon at sapat na proteksyon," ani Legarda. Binigyang diin din niya ang pangangailangan ng mas matibay na proteksyon para sa mga informal, platform based, at self employed workers gaya ng delivery riders, drivers, vendors, at iba pang arawang

kumikita na madalas ay kailangang magtrabaho sa kalsada o pampublikong lugar kahit masama ang panahon. Binanggit niya ang pagkamatay ng isang delivery rider sa Antipolo City matapos mabagsakan ng puno at poste habang nagkukubli sa malakas na ulan, bilang paalala na dapat saklawin ng proteksyon ang lahat ng uri ng manggagawa. "Maraming delivery rider, driver, vendor, at iba pang arawang kumikita ang patuloy na naghahanap buhay kahit masama ang panahon dahil kapag hindi sila kumita ngayong araw, maaaring walang panggastos ang pamilya kinabukasan," ani Legarda. "Hindi dapat limitado ang usapin ng proteksyon. Kailangan natin palakasin ang safety measures, emergency assistance, insurance, at social protection para sa lahat ng manggagawa, anuman ang uri ng kanilang hanapbuhay," dagdag pa niya. Ipinunto ng apat na terminong Senador na ang proteksyon sa manggagawa ay dapat maging bahagi ng disaster preparedness at climate adaptation, lalo na't palala nang palala ang epekto ng matinding panahon sa transportasyon, lugar ng trabaho, at kabuhayan. "Hindi dapat kapalit ng isang araw na kita ang kaligtasan ng isang manggagawa. Araw araw, lalo na sa panahon ng kalamidad, dapat lang na tiyakin ang dignidad at proteksyon ng bawat isa, at mabigyan sila ng katiyakan na may masasandalan sa oras ng pangangailangan," pagtatapos ni Legarda.

peso (PPP) o ang halaga ng piso kumpara sa halaga nito noong 2018.

Editorial

Bata sa baha

ASAHAN ang pagbaha kasunod ng walang humpay na pag-uulan lalo na kung mayroong bagyo at sinasabayan pa ng habagat.

Malaking perwisyo ito sa kabuhayan gayundin sa kalusugan bunsod ng iba't ibang dulot na sakit.

Sa mga bata ay labis ang kasiyahan kapag

nagsisimula na ang pagpatak ng ulan.

Umaapaw pa ang kagalakan lalo at bumabayo na ang ulan at mistulang magandang tanawin sa kanilang paningin kapag mayroon ng baha.

Magtatampisaw sa ulan at lulusong sa baha na ginagawa pang mistulang dagat o swimming pool para sa paglangoy.

Bata...bata, sa murang kaisipan ay hindi alam ang ginagawa kaya mga magulang o guardian ay huwag silang pabaya na magpakalunod sa tuwa dulot ng baha at ulan.

Nakibahagi ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa kauna-unahang Yakap Lawa: City of Lakes Festival ng lungsod ng San Pablo, Laguna sa pamamagitan ng isang simbolikong fish lantern na itinampok sa parada noong Mayo 9, 2026.

Layunin ng naturang kapistahanna kilalanin at ipagdiwang ang pitong lawa ng San Pablo City at ang mayamang yamang-tubig nito. Ito rin ang unang taon ng pagdiriwang na inilunsad ng lokal na pamahalaan bilang bagong tradisyon ng lungsod upang higit na mapalalim ang pagpapahalaga ng mamamayan sa kalikasan at mapatatag ang koneksyon ng komunidad sa kanilang kapaligiran.

Pinangunahan ng CARD MRI Hijos Tours ang paglahok ng organisasyongkatuwang ang CARD-MRI Development Institute (CMDI) San Pablo Campus. Sa pamamagitan ng kanilang fish lantern entry, ipinakita ng CARD MRI ang suporta nito sa adbokasiya ng lungsod para sa pangangalaga sa kalikasan at pagpapanatili ng kultura at pagkakakilanlan ng San Pablo.

Ayon kay Marilyn M. Manila, Presidente ng CARD MRI Hijos Tours, espesyal ang kahalagahan ng San Pablo City sa organisasyon. "Bago namin binuksan ang aming tour services sa iba't ibang bahagi ng bansa, dito muna nagsimula ang Hijos Tours sa San Pablo. Ang pagsali namin sa pagdiriwang ay paraan ng pagbabalik-tanaw at pasasalamat sa lungsod at sa mayamang kultura nito na naging bahagi ng pagbuo ng tour company ng CARD," ani Manila.

Karamihan sa mga lantern entry sa parada ay gumamit ng disenyo ng tilapia, ngunit pinili ng CARD MRI Hijos Tours at CMDI na gamitin ang isdang biya bilang

CARD MRI, nakiisa sa kauna-unahang Yakap Lawa Festival sa San Pablo City

pangunahing simbolo ng kanilang likha. Ang biya ay isang maliit na isdang likas na matatagpuan sa Laguna at kilala sa pagiging matatag at madaling makaangkop sa kabila ng simpleng anyo nito. Ipinaliwanag naman ni Dr. Edzel Ramos, Presidente ng CMDI, na ang pagpili sa biya ay kaugnay ng isa sa mga pangunahing pagpapahalaga ng CARD MRI. "Sa pamamagitan ng biya, nais naming bigyang-diin ang isa sa core values ng CARD MRI, ang pagpapakumbaba," saad ni Dr. Ramos.

Dagdag pa niya, ang isda ay sumisimbolo rin sa lakas at tibay ng mga komunidad na patuloy na umaangat sa kabila ng iba't ibang hamon. Para sa CARD MRI, mahalagang maipakita na ang simpleng bagay ay maaari ding maging simbolo ng pagkakaisa, pag-unlad, at malasakit sa komunidad.

Ibinahagi rin ni Manila na naging inspirasyon nila ang kahalagahan ng biya sa kabuhayan ng mga mamamayan sa lugar. "Ang biya ay sumasalamain sa lakas at simpleng katangian na malapit din sa pagkakakilanlan ng CARD. Naniniwala kami na ito ang tamang simbolo upang katawanin ang CARD habang nagbibigay-pugay rin sa San Pablo," dagdag niya. Mahigit 20 mag-aaral mula sa performing arts group ng CMDI San Pablo Campus ang nagtulungan upang buuin ang fish lantern. Samantala, pinangasiwaan naman ng CARD MRI Hijos Tours ang koordinasyon at pagsasagawa ng aktibidad.

Nasa school break noon ang mga estudyante bago magsimula ang susunod na taong panuruan. Nang malaman nila ang pakikipagtulungan ng CMDI at Hijos Tours para sa festival,

boluntaryo silang tumulong sa paggawa at pagpapakita ng lantern sa parada.

Ang lantern ay pinintahan ng kulay asul, kahel, at dilaw upang kumatawan sa makulay na kultura ng San Pablo at sa yaman ng mga lawa nito. Upang higit pang maipakita ang tibay at katatagan ng biya, anim na magkakaparehong fish lantern ang ginawa ng mga estudyante sa salit-salitang kulay asul at kahel. Pinagdugtong-dugtong din ang mga lantern sa buong parada bilang simbolo ng pagkakaisa at sama-samang pag-unlad ng komunidad.

Ayon kay Dr. Ramos, higit pa sa isang dekorasyon ang layunin ng kanilang fish lantern. "Ang biya fish lantern na ito ay sumisimbolo sa aming paninindigan sa CARD para sa pangangalaga sa kalikasan at pagpapanatili ng kulturang Pilipino. Sa pamamagitan nito, nais naming hikayatin ang komunidad ng San Pablo na magpatuloy sa pag-unlad

habang pinahalalagahan ang kanilang pinagmulan," aniya. Itinampok ang fish lantern sa parada mula Rizal Avenue hanggang sa boardwalk ng Sampaloc Lake sa city plaza. Habang bitbit ng mga estudyante ang lantern, gumalaw sila nang tila alon upang gayahin ang paglangoy ng mga isda sa lawa. Matapos ang parada, nanatili ring naka-display ang lantern sa ginanap na evening celebration sa lake boardwalk.

Sa pamamagitan ng kanilang paglahok sa kauna-unahang Yakap Lawa Festival, ipinakita ng CARD MRI ang suporta nito sa mga programang nagpapahalaga sa kalikasan, kultura, at pagkakaisa ng komunidad. Inaasahan ding magpapatuloy ang ganitong mga aktibidad upang higit pang mapalakas ang ugnayan ng mga institusyon at mamamayan sa mga susunod na taon. (*Jireh Pearl Casonan, Junior Writer*)



Bitbit ng mga mag-aaral ng CMDI San Pablo ang fish lantern habang nakikilahok sa parada, kasama sina CMDI Principal Lorelie Aguilar (kaliwa) at Hijos Tours Tour Manager Ruben Cuervo (kanan). Tampok ang fish lantern entry ng CARD MRI na itinanghal sa Sampaloc Lake Boardwalk bilang bahagi ng pagdiriwang.

Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

Dahil sa tsismis

NAGPASA ng ordinansa ang isang barangay na nagbabawal sa pagiging tsismoso o tsismosa.

Ang ordinansa ng barangay kagawad ay naaprubahan ng Sangguniang Bayan ng isang lalawigan.

Sa ilalim ng Anti-Gossip Ordinance, may multang P1,000 sa unang paglabag at P1,500 sa ikalawang paglabag.

Kapag napatunayan ang paglabag, bukod sa multa ay inuutusan din ang paghingi ng public apology sa social media.

Minabuti ng kagawad na pursigihin ang ordinansa dahil sa pagtaas ng bilang ng kaso ng mga away na ang pinag-uugatan ay ang maling impormasyon, lyon ay dahil sa tsismis o mga kuwento na gawa-gawa lamang o walang sapat at matibay na batayan. Ubos nga naman ang oras ng mga opisyal ng

barangay partikular ng mga lupon para sa pag-aayos ng mga away-away dahil lamang sa tsismis.

Isa sa trabaho ng barangay ang pagkasunduin ang bawat indibidwal na kanilang nasasakupan. Pero por-dyos-por-santo ay huwag naman maging pasaway at dapat bigyan ng kahihayan ang sarili.

Mantakin na pagmumultahin at parurusahan dahil ang kaso o kasalanan ay ang pagiging tsismoso o tsismosa.

Ito ay hindi pagsikil o pagbabawal sa malayang pagpapahayag. Kumbaga sa isang lehitimong mamamahayag ay kailangang maging responsable sa pag-uulat o paglalahad ng balita.

Nawa'y magkaroon ng magandang dulot o resulta ang ordinansang iyon sa kanilang barangay.

HANEP

Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS

Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES

Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927

Website: <https://hanep.net>

Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: **Publishers Association of the Philippines, Inc.**

Papi

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 114
CITY OF BACOR, CAVITE

2nd Floor, Main Square Mall, Molino Blvd., Bacoor City, Cavite
Email: rtc1bcr114@judiciary.gov.ph
Phone No: 0908-499-0181

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE OF A
NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF
TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO.
(057-2011013033) 1672016002954, OF
THE REGISTRY OF DEEDS FOR
THE PROVINCE OF CAVITE

LENA LENGSON-SANTOS,
Petitioner.

LRC CASE NO. 8843-2026-45

-versus-

THE REGISTRY OF DEEDS FOR BACOR
CITY, PROVINCE OF CAVITE AND ALL
PERSONS WHO HAVE OR CLAIM ANY
INTEREST WHICH WOULD BE AFFECTED
BY THE ISSUANCE OF SAID OWNER'S
DUPLICATE,

Respondents.

x ----- x

ORDER

On April 15 2026, petitioner, through counsel, filed this instant petition alleging among others that: (a) petitioner, together with her late husband, Emerson T. Santos, is the owner of a parcel of land covered by TCT No. (057-2011013033) 1672016002954; (b) the title was in the custody of Emerson T. Santos until it was lost prior to his death; (c) the title can no longer be found despite diligent efforts to locate the same and an Affidavit of Loss was executed; and (d) the property was declared for taxation purpose. Petitioner is praying that the court, after due notice and hearing, render judgment directing the Register of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch to issue another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-201103033) 1672016002954 with the same force and effect in lieu of the loss one.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is set for initial hearing on **September 15, 2026 (Tuesday) at 1:30 in the afternoon** at 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why the said petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the publication of the copy of this Order at her expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite at least thirty (30) days prior to the scheduled date of hearing.

The Sheriff of this court is ordered to post this Order in six (6) conspicuous places in the Province of Cavite, where the subject property is situated at least one (1) month prior to the aforesaid date of hearing, particularly at the bulletin boards of the following: (1) the main entrance of the Provincial Building of Cavite; (2) the main entrance of the City Hall Building of Bacoor City, Cavite; (3) the Hall of Justice of Bacoor City; (4) 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite; (5) the Registry of Deeds Bacoor City, Cavite; and (6) the Barangay Hall where the property is situated.

SO ORDERED.

IN CHAMBERS. This 22nd day of April, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)

NIKKI ROSE DELA PEÑA ESPERANZA

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
MUNICIPAL TRIAL COURT IN CITIES
BRANCH 4, Imus City, Cavite
(Mobile: 0929-705-0443)
(E-mail: mtcc1imu004@judiciary.gov.ph)

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
(PAG-IBIG FUND), represented by
Fidel P. Tan and ANGELA J. FARILLON,
represented by her Attorney-in-fact,
Gemma Parillon Hidalgo,
Plaintiffs,

Civil Case No. 26-3099
For: Accion Publiciana

-versus-

CHRISTOPHER T. DELA PEÑA and all
persons claiming for and in his behalf;
Defendant,

X ----- X

SUMMONS BY PUBLICATION

TO: CHRISTOPHER T. DELA PEÑA
Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes,
Malagasang 1-F, Imus City, Cavite

GREETINGS:

In accordance with the court's Resolution dated June 16, 2026, you, **CHRISTOPHER T. DELA PEÑA**, with given address at **Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes, Malagasang 1-F, Imus City, Cavite** are hereby summoned pursuant to Section 16, Rule 14 of the Rules of Court. You are DIRECTED to file with the Municipal Trial Court in Cities, Branch 4, Imus City, Cavite, your Answer

to the above-entitled civil case within sixty (60) calendar days from the last date of publication, serving at the same time a copy of your responsive pleadings and/or Answer upon Plaintiffs' counsels, through email:

Legal and External Affairs Sector, Home Development Mutual Fund: lgcgdocket.litigation@pagibigfund.gov.ph / mumalabadpenolbo@pagibigfund.gov.ph

Atty. Marvyn L. Maristela (counsel for plaintiff Angela J. Farillon): maristela1011@yahoo.com / maristelalawoffice.legal@gmail.com

You are reminded of IBP-OCA Memorandum on Policy Guidelines dated March 12, 2002 to observe restraint in filing a motion to dismiss and instead allege the grounds thereof as defenses in the Answer. Should you fail to file your answer within the period fixed, the court, motu proprio or on motion of the plaintiff, shall render judgment as may be warranted by the facts alleged in the complaint and its attachments.

PLEASE BE GUIDE BY THE FOLLOWING:

STATEMENT OF FACTS

On March 11, 2014, defendant Christopher T. Dela Peña entered into a contract to Sell with Homemark, Inc. covering a parcel of land with improvements thereon located at Blk 22 Lot 40 Phase 2, Green Estate Brgy. Malagasang 1-F Imus, Cavite. To finance the purchase, he obtained a loan from Pag-IBIG Fund in the amount of PHP704,810.50, the proceeds of which were directly released to Homemark, Inc. Following the loan release, Homemark, Inc. with conformity of the defendant, assigned its interests and the Contract to Sell over the subject property in favor of Pag-IBIG Fund. However, defendant subsequently defaulted on his monthly amortization, prompting Pag-IBIG Fund to cancel the Contract to Sell. Consequently, the property was classified as an Acquired Asset and later conditionally sold to plaintiff Angela J. Farillon, with the latter being granted authority to possess and exercise possessory rights over the subject property.

Alleging that defendant continued to occupy the property despite the cancellation of the Contract to Sell and several demands to vacate, plaintiffs pray:

WHEREFORE premises considered, it is most respectfully prayed to this Honorable Court that after due notice and hearing, judgment be rendered, as follows:

1. DECLARING the plaintiffs HDMF and Angela J. Farillon as the lawful possessors of the subject property;

2. ORDERING the Defendants and all persons claiming rights under them to PEACEFULLY VACATE the subject property and DELIVER the immediate and full possession of the subject property, together with all improvements thereon, to the Plaintiffs;

3.Ordering defendant to PAY the Plaintiffs reasonable compensation for the continued unlawful possession / occupation and use of the subject property in the sum of at least Two Thousand Five Hundred (P2,500.00) Pesos per month reckoned from Notice to Vacate date of November 27, 2024 until the date of the defendants and all persons claiming rights under him actually vacate the premises.

4. Ordering the Defendant to pay THIRTY THOUSAND (P30,000.00) PESOS and for Attorney's fees plus cost of this suit.

Other reliefs, just and equitable, are likewise prayed for under the premises.

WITNESS THE HON. RYAN DE LEON FERRAREN,
Presiding Judge of this Court, this 16th day of June 2026 at Imus City, Cavite.

(Sgd)
ATTY. CHAR MAE C. CASIL
Officer-in-Charge

Publication: HANEP August 3, 10 & 17, 2026

Presiding Judge
Copy Furnished:

LENA LENGSON-SANTOS Petitioner 68 Tuesday St., St. Joseph Village, Niog 1, Bacoor, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
ATTY. MICHAEL PAUL G. REYSIO-CRUZ Counsel for Petitioner 205, Strata Building, F. Ortigas Jr. Road, Ortigas Center Pasig City Mgreysio-cruz@jstplaw.com Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
RTC OCC 2/F Old City Hall, Bacoor City, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
REGISTRY OF DEEDS-CAVITE Public Respondent Provincial Capitol Trece Martires City, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
REGISTRY OF DEEDS-BACOR CITY Public Respondent Bacoor Government Center Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____

Publication: HANEP August 3, 10 & 17, 2026

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
Regional Trial Court of Cavite
Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff
New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,
Kaybagal South, Tagaytay City
Email Address: rtc1tgtocc@judiciary.gov.ph
Contact Nos. 09676699985/(0460 419-0464

88 ASIA FINANCE CORPORATION,
Petitioner/Mortgagee,

EJF NO. TG-26-068
FOR: Extra-Judicial Foreclosure
under R.A. 3135 as amended

-versus-

JOCIELYN BAUTISTA, Single and
YURIB B. PACIA,
Respondents/Mortgagors,
x-----x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by *Petitioner/Mortgagee*, **88 ASIA FINANCE CORPORATION**, a corporation duly organized and existing under and virtue of the Republic of the Philippines, with office address at 10th Floor Unionbank Center Manila, 208 Dasmariñas St., cor. Quintin Paredes St., Binondo Manila, pursuant to the terms and conditions of the Real Estate Mortgage executed and notarized on February 23, 2023, by *Respondents/Mortgagors* **JOCIELYN BAUTISTA, Single and YURIB B. PACIA**, of legal age, Filipinos, with residence and postal address at: (1) #7731 Purok 2, Brgy. Lalaan 1, Silang, Cavite and (2) Lot 2 Blk. 1 Road Lot 8, Gainsville Subd., Brgy. Bulihan, Silang, Cavite, in favor of the *Petitioner/Mortgagee*, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2022005663** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the respondents-mortgagors in the amount of **ONE MILLION FOUR HUNDRED TWENTY SIX THOUSAND FIVE HUNDRED TWELVE PESOS (Php1,426,512.00)**, inclusive of penalties and legal charges, as of July 2, 2026, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Oliver N. Mendoza, will sell at public auction on **September 10, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE
No. 076-2022005663
Registry of Deeds for Tagaytay City

"IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE, *bounded and described as follows:*
A PARCEL OF LAND (LOT 2, BLK. 1 OF THE CONS. SUBD. PLAN, PCS-04-018178, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 1, 2 & 3, PSD-59052 & LOT 4-C, PSD-04-042371, (LRA REC. NO. 20852), SIT. IN THE BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 1, BLK. 1; ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY RD. LOT 8; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 3; ON THE NE., ALONG LINE 4-1 BY LOT 6, BOTH OF BLK. 1, ALL OF THE CONS. SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN BEING S. 48 DEG. 53'W., 7539.94 M. FROM BLBM NO. 1, BO. CABILANG BAYBAY, MUN. OF CARMONA CAVITE; THENCE S. 23 DEG. 06'W., 11.50 M. TO PT. 2; THENCE N. 66 DEG. 54'W., 4.00 M. TO PT. 3; THENCE N. 23 DEG. 06'E., 11.50 M. TO PT. 4; THENCE S. 66 DEG. 53'E., 4.00 M. TO PT. BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF FORTY SIX (46) SQ. METERS. ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY PS. CYL. CONC. MONS. 15 X 40 CM.; BEARINGS TRUE; DATE OF ORIG SURVEY, JUNE 7-15, 1943 AND THAT OF THE CONS. SUBD. SURVEY, JULY 2-4, AUG. 27-28, & SEPT. 3-NOV. 30, 2001 AND WAS APPROVED ON NOV. 13, 2002.

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 114
CITY OF BACOR, CAVITE
2nd Floor, Main Square Mall, Molino Blvd.,
Bacoor City, Cavite
Email: rtc1bcr114@judiciary.gov.ph
Phone No: 0908-499-0181

IN RE: PETITION FOR THE ISSUANCE
OF NEW OWNER'S DUPLICATE
COPY OF TRANSFER CERTIFICATE
OF TITLE NO. T-318124 IN LIEU OF
THE LOST ONE,

LRC CASE NO. 8843-2026-58

RUBEN P. RIVERA, HEREIN REPRESENTED
BY HIS ATTORNEY-IN-FACT, ESTRELLA C.
DAYAG,
Petitioner.
x-----x

ORDER

On May 19 2026, petitioner, through counsel, filed this instant petition alleging among others that: (a) petitioner is the new owner of a parcel of land covered by TCT No. T-318124 by virtue of a Deed of Absolute Sale dated

is registered in accordance with the provision of the Property
Registration Decree in the name of

Owner: JOCIELYN BAUTISTA, SINGLE, OF LEGAL AGE,
FILIPINO
Address: 7731 BRGY. LALAAN 1, SILANG, CAVITE"

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **September 17, 2026**, without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2022005663**, the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, July 21, 2026.

Sgd)
ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

(Sgd)
OLIVER N. MENDOZA
Sheriff-in-Charge

WARNING :

IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE
OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR
BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE
PENALTY OF LAW

Copy Furnished:

88 ASIA FINANCE CORPORATION
c/o RONALD F. TAGUFA
Petitioner/Mortgagee
10th Floor Unionbank Center Manila, 208 Dasmariñas St.,
cor. Quintin Paredes St., Binondo Manila

JOCIELYN BAUTISTA, Single and
YURIB B. PACIA
Respondents/Mortgagors
(1) #7731 Purok 2, Brgy. Lalaan 1, Silang, Cavite
(2) Lot 2 Blk. 1 Road Lot 8, Gainsville Subd., Brgy. Bulihan,
Silang, Cavite

Publication: HANEP August 3, 10 & 17, 2026

January 24, 2026; (b) prior the execution of the Deed of Absolute Sale, petitioner already paid the full contract price and the title was placed under his custody; (c) sometime on December 2025, petitioner found out that the title was missing from his filing cabinet; (d) the title can no longer be found despite diligent efforts to locate the same and an Affidavit of Loss was executed on January 22, 2026; and (e) the property was declared for taxation purposes. Petitioner is praying that the court, after due notice and hearing, render judgment directing the Register of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch to issue another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. T-318124 with the same force and effect in lieu of the loss one.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is set for initial hearing on **September 29, 2026 (Tuesday) at 10:00 in the morning** at 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why the said petition should not be granted. **Petitioner RUBEN P. RIVERA is directed to personally appear on the scheduled hearing.**

Petitioner is directed to cause the publication of the copy of this Order at their expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite at least thirty (30) days prior to the scheduled date of hearing.

The Sheriff of this court is ordered to post this Order in six (6) conspicuous places in the Province of Cavite, where the subject property is situated at least one (1) month prior to the aforesaid date of hearing, particularly at the bulletin boards of the following: (1) the main entrance of the Provincial Building of Cavite; (2) the main entrance of the City Hall Building of Bacoor City, Cavite; (3) the Hall of Justice of Bacoor City; (4) 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite; (5) the Registry of Deeds Bacoor City, Cavite; and (6) the Barangay Hall where the property is situated.

SO ORDERED.

IN CHAMBERS, this 24th day of June, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)
NIKKI ROSE DELA PEÑA ESPERANZA
Presiding Judge

Copy Furnished:

